SAN DIEGO UNIFIED SCHOOL DISTRICT

Mga Tuntunin sa Pagbuo sa Papel ng Pagpapalista sa K-12

Pakiusap na buuin ang Papel ng Pagpapalista ng San Diego Unified K-12 at iprinta na gamit ang asul o itim na panulat. Tapusin ang bawat kahon sa Bahaging I-IV at lagdaan ang p. 2. Pansinin na kailangan ang katunayan sa mga kaalamang ibinigay sa kahong 3 at 12 para sa mga bagong nagpapalista sa paaralan.

BAHAGING I: Kaalaman Tungkol sa Mag-aaral	
Kahon 1-2	Para sa tanggapan lamang. Huwag magsulat ng anuman sa mga kahong ito.
Kahon 3. Tunay na pangalan ng mag-aaral	Isulat ang tunay na pangalan ng mag-aaral (ayon sa nakasulat sa papel ng kapanganakan o ibang legal na kasulatan): Apelyido, Unang Pangalan, Gitnang Pangalan, at anuman (Jr, II, III). PANSININ: Ang tunay na pangalan at kapanganakan ng mag-aaral ay kailangan ang katunayan sa kawani ng tanggapan. Ang mga pagpapatunay ay ang papel ng kapanganakan, papel ng panunumpa, dokumento sa simbahan, o pasaporte.
Kahon 4. Palayaw ng mag-aaral	Isulat ang pangalang ginagamit ng bata kung hindi niya ginagamit ang kaniyang tunay na pangalan sa pangatlong kahon. Halimbawa: Ang pangalang Eleanor ay maaaring gamit ang palayaw na Ellie.
Kahon 5. Ibang dating pangalan	Isulat ang pangalan na dating ginamit ng inyong anak o kilalang iba sa tunay na pangalan sa Kahon 3. Mga halimbawa ay kabilang ang dating tunay na pangalan o pangalan sa pagkadalaga.
Kahon 6. Kapanganakan	Isulat ang kapanganakan ng inyong anak na gamit ang buwan/araw/taon.
Kahon 7. Social Security ng mag-aaral	Isulat ang Social Security Number ng inyong anak. Kung wala, iwang patlang.
Kahon 8. Kasarian ng mag-aaral	Markahan ang (L) kung lalaki o (B) kung babae.
Kahon 9. Kalahiang Meksikano o Latino	Markahan ang isang kahong nagsasabing "Oo" o "Hindi" kung ang bata ay Meksikano o Latino.
Kahon 10. kalahian	Mamili ng isa o higit na kalahiang naglalarawan mula sa mga nakalista.
Kahon 11 Telepono sa Bahay	Isulat ang telepono kung saan nakatira ang bata. Isama ang "area code."
Kahon 12. Tirahang Tahanan	Isulat ang tirahan ng bata kasama ang siyudad, estado, at sipkod. PANSININ: Ang tirahan ay kailangang patunayan sa kawani ng tanggapan.
Kahon 13. Tirahang Padalhan ng Sulat	Kung iba ang iyong tinitirhan sa tirahang pinagpapadalhan ng inyong mga liham, isulat ang tirahang ito.
Kahon 14. Siyudad at estadong kapanganakan	Isulat ang siyudad at estadong kapanganakan ng mag-aaral.
Kahon 15. Bansa ng Kapanganakan	Isulat ang bansang kapanganakan ng mag-aaral.
Kahon 16. Unang Pagpasok sa paaralan ng (K-12) California	Isulat ang petsa ng unang pagpasok sa K-12 na Baitang sa paaralan sa California. Kung ang inyong anak ay papasok pa lamang ng Kindergarten, isulat ang unang araw sa paaralan.
Kahon 17. Unang Pagpasok sa paaralan ng U.S. (K-12)	Isulat ang petsa ng unang pagpasok ng inyong anak sa paaralan ng U.S. sa Baitang K-12. Kung ang inyong anak ay papasok pa lamang sa Kindergarten, isulat ang unang araw ng pagpasok sa paaralan.
Kahon 18. Kalagayang Tirahan ng Mag-aaral	Markahan ang ISA na tumutugon kung saan nakatira ang bata. Kung kayo ay nakatirang pansamantala dahil sa kahirapan (nakikituloy sa mga kaibigan o pamilya, nakatira sa pansamantalang panuluyan, hotel, motel o nakatira bilang hindi pinag-adya) markahan ang kahong walang tirahan na naglalarawan sa inyong kasalukuyang kalagayan.

BAHAGING II: Kaalaman sa mga Kapatid	
Box 19. Nag-aaral na mga Kapatid	Kung mayroon kang ibang mga anak na kasalukuyang pumapasok (o kaya papasok sa taong ito) sa alinmang San Diego Unified School sa Baitang K-12 isulat ang kanilang buong pangalan, baitang, at pangalan ng paaralan. Kung kailangang itala ang karagdagang pangalan, gamitin ang Kahong "NOTES/ ADDITIONAL INFORMATION" sa Bahaging V.

BAHAGING III: Kaalaman sa Tatawagan	
Kahon 20. Kaalaman Tungkol sa Magulang/Tagapag-alaga	Isulat ang tungkol sa mga magulang/tagapag-alaga na dapat tatawagan ng paaralan. Ito ang pangunahing tatawagan. • **Buong pangalan ng tatawagan:** Isulat ang inyong buong pangalan. • **Kaugnayan:** Isulat ang inyong kaugnayan sa mag-aaral (Magulang, Tagapag-alaga) • **Kabahay ang mag-aaral?:** Bilugan ang Oo o Hindi. Kung ang inyong tirahan ay kaiba sa tirahan ng bata na nakasulat sa Kahon 12, isulat ito. • **Bahay, Trabaho, Selpon:** Isulat ang inyong telepono sa bahay, trabaho, o celpon (kung ibig). Isama ang "extention", kung mayroon. • **Emayl:** Isulat ang inyong e-mail address (kung ibig). Tatanungin kayo nito ng kawani sa paaralan. • **Pagawaan:** Isulat ang pangalan at lugar ng inyong trabaho. • **Pangunahing Wika ng Tatawagan:** Isulat ang inyong pangunahing wika. • **Natapos na pag-aaral:** Bilugan ang pinakamataas ninyong pinag-aralan. Isa lamang ang bilugan. G = Nagtapos ng Kolehiyo C = Nakatapos ng Degreem sa Kolehiyo SC = Ilang Degree sa College or AA HS = Nagtapos ng mataas na paaralan NHS = Hindi nagtapos ng mataas na paaralan DEC = Ayaw sagutin ang hinihiling • **Pangangailangan:** Bilugan ang nararapat. INT = Kailangan ninyo ng tagasalin upang makipag-usap sa paaralan at sa mga guro ng inyong mag-aaral PC = Ibig ninyong makita ang mga araw ng pagpasok at ang marka ng inyong mag-aaral na gamit ang "ParentConnection" (kung mayroon sa paaralan).
Kahon 21. Ibang Magulang/Tagapag-alaga	Isulat ang tungkol sa ibang magulang, pangalawang magulang, o tagapag-alaga na matatawagan ng paaralan. Tapusin ang bahaging kagaya sa Kahon 20. • **Karagdagang Pangangailangan:** Ang mga ito ay magbibigay ng kaalaman tungkol sa pagkakaroon ng karapatan sa talaan ng mag-aaral sa mga nakalistang magulang/tagapag-alaga. Bilugan ang nararapat. OK = Ang mag-aaral ay maaaring palabasin sa pangangalaga ng magulang o sa kaalaman ng magulang. RC = Kailangan nito ang kopya ng "report card" ng mag-aaral. Ang pangunahing dapat tawagan ang tatanggap nito. PR = Kailangan nito ang kopya ng "progress report" ng mag-aaral. Ang pangunahing dapat tawagan ang tatanggap nito. INT at PC = Pakiusap na sumangguni sa Kahon 20.
Kahon 22. Mga tatawagan sa panahon ng biglang pangangailangan	Isulat ang tungkol sa mga maaaring tatawagan sa panahon ng biglang pangangailangan kapag ang magulang ay hindi mahagilap. Ibigay ang buong pangalan, kaugnayan sa mag-aaral, telephono, pangunahing wika, at mga pamantayan. PANSININ: Kung kailangan ninyong magdagdag ng matatawagan, gamitin ang "NOTES/ADDITIONAL INFORMATION" sa Bahaging V.

BAHAGING IV: Mga Katanungan Para sa Magulang/Tagapag-alaga	
Mga kahong 23-29.	Pakiusap na tapusin ang mga Katanungang 23-30 sa pagmarka ng OO o Hindi sa bawat tanong.
Lagda at Petsa	Kailangang lagdaan at lagyan ng petsa ang kasulatang ito.

BAHAGING V: Kalaamang Pangasiwaan ng Distrito – PARA SA TANGGAPAN LAMANG	
Mga kahong 30-41.	Ang mga ito ay para sa gamit ng TANGGAPAN LAMANG (maliban kung ginagamit mo ang bahaging "NOTES/ADDITIONAL INFORMATION" upang itala ang karagdagang kaalaman sa Bahaging II o III).

KAHULUGAN NG LAHI/ LIPI PARA SA PK-12 TARHETANG PAGPAPALISTA

Sa **Tarhetang Pagpapalista sa PK-12** para sa 2009-10, mayroong karagdagang *Tanong #9* at pagbabago sa *Tanong #10*. Gamitin ang mga kahulugan sa ibaba upang tulungan kayong tapusin.

Tanong #9: *Ang kasagutang "oo" o "hindi" ay kailangan.*
Meksikano o Latino: Isang taong lumaki sa Cuba, Mexico, Puerto Rico, Timog o Central America, o ibang kinalakhan o nagmula sa Spain, hindi isinasaalang-alang ang lahi.
Tanong #10: *Pumili ng isa o higit na uri ng lahi mula sa mga pamimilian ~*
Kahulugan ng Lahi:
Tubong American Indian o Alaska: Isang taong may lahing ang pinagmulan ay sa alinmang mga ninuno ng Hilaga at Timog America (kabilang ang Central America), at sinumang pinananatili ang liping kaanib o pagkakilala sa bayan.
Asian Indian: Isang taong may lahing ang pinagmulan ay sa alinmang mga ninuno ng India.
Black or African American: Isang taong may lahing ang pinagmulan ay sa alinmang lipi ng lahing itim ng Africa.
Cambodian: Isang taong may lahing ang pinagmulan ay sa alinmang mga ninuno ng Cambodia.
Chinese: Isang taong may lahing ang pinagmulan ay sa alinmang mga ninuno sa mga sumusunod na bansa: (Mainland) China, Taiwan, HongKong.
Filipino: Isang taong may lahing ang pinagmulan ay sa alinmang mga ninuno sa mga Isla ng Pilipinas.
Guamanian: Isang taong may lahing ang pinagmulan ay sa alinmang mga ninuno ng Guam.
Hawaiian: Isang taong may lahing ang pinagmulan ay sa alinmang ninunong nanggaling sa Hawaii.
Hmong: Isang taong may lahing ang pinagmulan ay sa alinmang ninunong buhat sa Laos at mga kulturang Hmong o ninuno.
Japanese: Isang taong may lahing ang pinagmulan ay sa alinmang mga ninuno ng Japan.
Korean: Isang taong may lahing ang pinagmulan ay sa alinmang mga ninuno ng Korea.
Laotian: Isang taong may lahing ang pinagmulan ay sa alinmang mga ninuno ng Laos.
Ibang taga Asia: Isang taong may lahing ang pinagmulan ay sa alinmang ninuno sa isa sa mga sumusunod: Burma, Malaya, Thailand, Indonesia, Sri Lanka, Mien, Singapore, Bangladesh, Bhutan, Nepal, Pakistan, o alinmang ibang mga bansa sa Asia na hindi nakalista.
Ibang Pacific Islander: Isang taong may lahing ang pinagmulan ay sa alinmang ninuno sa mga isla ng Pasipiko maliban sa Hawaii, Guam, Samoa (American Samoa o Western Samoa) o Tahiti. Kabilang ang mga isla kagaya ng Polynesia, Fiji Islands, Marshall Island, Melanesia, Palau, Tonga, Truk, o Yap.
Samoan: Isang taong may lahing ang pinagmulan ay sa alinmang ninuno ng Samoa (American Samoa o Kanlurang Samoa).
Tahitian: Isang taong may lahing ang pinagmulan ay sa alinmang mga ninuno ng Tahiti.
Vietnamese: Isang taong may lahing ang pinagmulan ay sa alinmang mga ninuno ng Vietnam.
White: Isang taong may lahing ang pinagmulan ay sa alinmang ninuno ng Europa, Gitnang Silangan, o Hilagang Africa.